

Napansin mo ba ang mga pagbabagong ito sa isang tao na kilala mo sa pagitan ng edad na 12 - 40?

- Nakakaramdam ng kahina-hinala o takot sa iba kabilang ang mga taong pinagkakatiwalaan nila noon
- Nakakarinig ng mga tunog o boses, nakakakita ng mga pangitain o mga kakaibang sensasyon na hindi napapansin ng iba
- Mga kakaiba o hindi pangkaraniwang pag-uugali o paniniwala na bago at hindi karaniwan para sa tao
- Tumaas na pagiging sensitibo sa liwanag, tunog o hawakan
- Hirap magbigay ng konsentrasyon, memorya at atensyon
- Hirap sa pakikipag-usap at pag-unawa sa iba
- Mga paghihirap sa paaralan o trabaho na bago, makabuluhan at progresibo
- Pag-iwas sa pakikipagkapwa mula sa mga kaibigan at pamilya

Kung gayon, maaari silang makinabang mula sa isang kumpidensyal na pagsusuri sa pamamagitan ng isang sinanay na miyembro ng kawani ng EPI-LA para matukoy kung makakatulong ang mga serbisyo ng Maagang Psychosis. Mangyaring mag-email sa team ng DMH Early Psychosis sa EarlyPsychosis@dmh.lacounty.gov

Pinahahalagahan ng LACDMH

Integridad. Nagtatrabaho kami nang propesyonal ayon sa pinakamataas na pamantayan sa etika.

Paggalang. Kinikilala namin ang pagiging natatangi ng bawat indibidwal at tinatratong namin ang lahat ng tao sa paraang nagpapatunay sa kanilang personal na halaga at dignidad.

Pananagutan. Inaako namin ang pananagutan para sa aming mga pagpipilian at mga resulta nito.

Pakikipagtulungan. Nagtutulungan tayo tungo sa mga karaniwang layunin sa pamamagitan ng pakikipagsosyo sa buong komunidad, pagbabahagi ng kaalaman, pagbuo ng matibay na pinagkasunduan, at pagbabahagi ng pagdedesisyon.

Dedikasyon. Gagawin namin ang lahat para mapabuti ang buhay ng aming mga kliyente at komunidad.

Transparensya. Lantaran kaming naghahatid ng aming mga ideya, desisyon at kalalabasan upang matiyak ang tiwala sa aming organisasyon.

Kalidad at Kahusayan. Tinutukoy namin ang pinakamataas na pamantayang personal, organisasyon, propesyonal at klinikal at itinatagapay namin ang aming sarili sa pagkamit ng mga pamantayang iyon sa pamamagitan ng patuloy na pagpapabuti sa bawat aspeto ng aming ginagawa.

Kung ikaw ay nasa krisis at nangangailangan ng agarang tulong, tawagan ang aming 24/7 na walang bayad Help Line: **800.854.7771**

Ang mga may kapansanan sa pandinig o pagsasalita ay maaaring [tumawag sa 711](tel:8008547771) at hilingin sa operator – na magsisilbing interpreter sa pagitan ng tumatawag at ng aming kawani – na tawagan ang aming Help Line.

Para sa mga pangkalahatang katanungan tungkol sa Los Angeles County EPI-LA Program, mangyaring makipag-ugnayan sa EarlyPsychosis@dmh.lacounty.gov



►► **EPI-LA Early Psychosis Program**
Dating PIER Early Psychosis Program



LOS ANGELES COUNTY
DEPARTMENT OF MENTAL HEALTH
hope. recovery. wellbeing.

Tungkol sa EPI-LA Program

Ang psychosis ay inilalarawan bilang anumang bilang ng mga pag-uugali o mga pagbabago sa isang indibidwal na karanasan na nagpapahiwatig ng ibang karanasan ng katotohanan. Kapag lumabas ang mga pag-uugali at pagbabagong ito at nagsimulang makaapekto sa kakayahan ng isang indibidwal na maabot ang kanilang mga layunin sa buhay, maaari silang makinabang mula sa suporta sa pamamagitan ng LACDMH EPI-LA Program.

Ang Early Psychosis Intervention – Los Angeles (EPI-LA) Program ay nagbibigay ng maagang interbensyon sa pamamagitan ng Mga Serbisyo sa Outpatient para sa mga indibidwal na may edad 12-40 na nakakaranas ng mga maagang palatandaan at sintomas ng psychosis o na nakaranas ng kanilang unang episode ng psychosis sa loob ng huling 5 taon. Ang layunin ng programa ay tulungan ang mga kalahok na maabot ang kanilang mga layunin sa buhay habang natututo kung paano pamahalaan ang kanilang mga sintomas. Ang mga indibidwal at kanilang mga pamilya ay karaniwang tumatanggap ng mga serbisyo at suporta sa programa sa loob ng 2 hanggang 5 taon.

Gamit ang modelo ng paggamot na Coordinated Specialty Care (CSC para sa FEP), kabilang sa programang EPI-LA ang pampamilyang therapy, indibidwal na therapy, mga serbisyo sa gamot, suporta sa mga kauri at magulang, suporta sa edukasyon at trabaho, at pamamahala ng kaso. Ang mga indibidwal at ang kanilang sariling tinukoy na mga pamilya ay matututo kung paano buuin ang kanilang mga kakayahan sa pagharap, matututo ng mga paraan para pamahalaan ang stress na maaaring mag-trigger ng mga sintomas ng psychosis at makatanggap ng suporta na kailangan nila para manatili sa landas sa kanilang mga layunin sa buhay.



Mga Provider ng EPI-LA

Service Area 1 – Star View TEAMMATES
Email: EPILA@starsinc.com
1216 West Avenue J, Suite 300
Lancaster, CA 93534
Tawag: (661) 341-3495

Service Area 2 – SFVCMHC Inc.
Email: pier@sfvcmhc.org
14535 Sherman Circle
Van Nuys, CA 91405
Tawag: (818) 901-4930

Service Area 3 – IMCES
Email: pier@imces.org
1730 W. Cameron Ave., Suite 200
West Covina, CA 91790
Tawag: (213) 381-1250

Service Area 4 – IMCES
Email: pier@imces.org
3580 Wilshire Blvd., Suite 2000
Los Angeles, CA 90010
Tawag: (213) 381-1250

Service Area 5 – The Help Group
Email: EPI-LA@helpgroup.org
12099 Washington Blvd., Suite 200
Los Angeles, CA 90066
Tawag: (818) 288-0244

Service Area 6 – The Help Group
Email: EPI-LA@helpgroup.org
301 N. Prairie Ave., Suite 511
Inglewood, CA 90301
Tawag: (323) 291-5003

Service Area 7 – The Whole Child
Email: pier@thewholechild.org
10155 Colima Road
Whittier, CA 90603
Tawag: (562) 692-0383

Service Area 8 – Star View TEAMMATES
Email: EPILA@starsinc.com
649 E. Albertoni St., Suite 100
Carson, CA 90746
Tawag: (310) 436-9300